# Entrep-Eskwela
YOUR SCHOOL ON ENTREPRENEURSHIP

**Grassroots Entrepreneurship Management (GEM)**

A partnership between
**Bayan Academy for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.**
*and*
**Center for Community Transformation**

---

## Days 16-17
## HUMAN RESOURCE MANAGEMENT (5M'S)

## TEACHING GUIDE

bayan academy
for Social Entrepreneurship and Human Resource Development Inc

Center for Community Transformation

**ENTREP-ESKWELA**
**Grassroots Entrepreneurship Management (GEM) Program**

# TEACHING GUIDE 16-17

Center for Community Transformation

**Module Title** : **5Ms OF MANAGING PEOPLE (Limang Paraan sa Pamamalakad ng Tao)**

**By Angelito J. Domingo**

**Duration** : **2 Days**

**Module Objectives** :

Ang paggawa at pagtuturo sa pamamalakad ng tao ay ginagawa upang:

1. Matutunan at maintindihan ang mga pananaw at pilosopiya sa pamamalakad ng tao sa isang negosyo, samahan, o organisasyon.
2. Matutunan at maintindihan paano gagamitin ang mga pananaw at pilosopiya sa pamamalakad ng tao sa aktwal na pagpapatakbo at pagpapalaki ng negosyo.

---

Ang pagaaral sa limang paraan sa pamamalakad ng tao ay gaganapin sa loob ng dalawang araw. Ang oras at paksang aralin ay ang sumusunod:

| DAY 16 | | PAKSANG ARALIN |
|---|---|---|
| MULA | HANGGANG | |
| 8:00 am | 8:30 am | Pagrehistro ng mga Estudyante |
| 8:30 am | 9:00 am | Pagaalam sa Inaasahan sa Pagaaral |
| 9:00 am | 10:15 am | Panayam - Panimula |
| 10:15 am | 10:30 am | BREAK |
| 10:30 am | 12:00 pm | Panayam – Pagpapakilos ng Tao |
| 12:00 pm | 1:00 pm | LUNCH |
| 1:00 pm | 1:30 pm | Pagbabasa at Pagunawa sa Kaso |
| 1:30 pm | 2:15 pm | Diskusyon sa Grupo |

| | | |
|---|---|---|
| 2:15 pm | 3:30 pm | Diskusyon ng Kaso – Buong Klase |
| 3:30 pm | 3:45 pm | BREAK |
| 3:45 pm | 5:00 pm | Panayam – Paghihikayat ng Tao |

| **DAY 17** | | PAKSANG ARALIN |
|---|---|---|
| MULA | HANGGANG | |
| 8:00 am | 9:15 am | Panayam – Pagpayo, Pagsasanay, Pagtuturo ng Tao |
| 9:15 am | 10:15 am | Panayam – Pagsusukat ng Tao |
| 10:45 am | 11:00 am | BREAK |
| 11:00 am | 12:15 pm | Diskusyon ng Kaso – Paghihikayat at Pagsukat ng tao |
| 12:15 pm | 1:15 pm | LUNCH |
| 1:15 am | 2:15 pm | Panayam – Pagsasama sama at Paguugnay ng Tao |
| 2:15 am | 2:45 pm | Diskusyon ng Grupo – Pagsasama sama at Paguugnay; Rekomendasyon sa mga susunod na hakbang (Kaso) |
| 2:45 pm | 3:30 pm | Diskusyon ng buong Klase |
| 3:30 pm | 3:45 pm | BREAK |
| 3:45 pm | 5:00 pm | Panayam para sa Kabuuan - Limang Paraan sa Pamamalakad ng Tao |

MGA BILIN;

1. Ang bawat paksa ay kinabibilangan ng ilang "slide" o pahinang pagtuturo kung saan makikita ang:

    a. Larawan na ipakikita sa estudyante,
    b. Gabay na tanong at karampatang sagot,
    c. Rekomendasyon at paalala (notes) kung paano ipapaliwanag ang pahina.

2. Sundin ang oras na nilaan para sa bawat oaksa at Gawain. Siguraduhing naintindihan ng estudyante ang pinaguusapang paksa bago lumipat sa susunod na usapin.

3. Siguraduhin na sa pagtatapos ng bawat paksa ay ipapaliwanag ng guro ang mga dapat natutunan at ang ibig sabihin sa isang nais magnegosyo.

4. Ang bawat estudyante ay may kani-kanyang antas ng napagaralan, kaalaman, at karanasan sa buhay. Hangarin natin na pakinggan ang kanilang opinion at sagutin ang mga tanong sa bawat paksa.

**PANIMULA (INTRODUCTION)**
**LIMANG PARAAN SA PAMAMALAKAD NG TAO**

---

Ang panimula ay pagsasalarawan ng limang pananaw pilosopiya sa pamamalakd ng isang samahan o organisasyon;

1. Ang lahat ng samahan ay pinakikilos ng tao...
2. Ang epektibong pagpapakilos ng tao ay hango sa tamang pag uudyok at paghihikayat...
3. Ang pagtuturo, pagsasanay, at pagpayo ay nakakatulong mailabas ang anking galing, talino, at abilidad ng isang tao...
4. Ang tamang pagsusukat ng tao at ng kanyang trabaho ay kinakailangan sa epektibong pamamalakad...
5. Ang ankop na pagsasama sama at paghahalintulad ng tao ay susi sa epektibong pagtratrabaho ng samahan at ng grupo...
6. Katanungan sa Pananaw at Pilosopiya:

    a. Paano isinasaayos at pinakikilos ang tao para sa trabaho?
    b. Ano ano ang mga bagay at pananaw para mahikayat at maudyok ang tao sa trabaho?
    c. Ano ang mga paraan para mailabas ang angking talino, abilidad, at galing ng tao?
    d. Paano susukatin ang tao, ang kanyang trabaho, at ang hinaharap ukol sa trabaho?
    e. Ano ang mga bagay bagay upang magkaisa, magkasundo, at magkatulungan ang tao sa trabaho?

**Limang Paraan sa Pamamalakad ng Tao**

## Pananaw at Pilosopiya

| | |
|---|---|
| **Pagpapakilos** | Paano isinasaayos at pinakikilos ang tao para sa trabaho? |
| **Pag uudyok o Paghihikayat** | Ano ano ang mga bagay at pananaw para mahikayat at maudyok ang tao sa trabaho? |
| **Pagtuturo, Pagsasanay, Pagpayo** | Ano ang mga paraan para mailabas ang angking talino, abilidad, at galing ng tao? |
| **Pagsusukat** | Paano susukatin ang tao, ang kanyang trabaho, at ang hinaharap ukol sa trabaho? |
| **Pagsasama sama at Pag uugnay** | Ano ang mga bagay bagay upang magkaisa, magkasundo, at magkatulungan ang tao sa trabaho? |

---

### PAGPAPAKILOS NG TAO
### LIMANG PARAAN SA PAMAMALAKAD NG TAO

---

Ang pagpapakilos ng tao ay nilalayong sagutin ang tatlong importanteng tanong:

1. Ano ang gagawin?
2. Paano ito gagawin?
3. Sino ang gagawa?

<u>ANO ANG GAGAWIN?</u>

1. Unawain ang resulta na nais makamit o magawa.
2. Intindihing mabuti para saan ang produkto o serbisyo na nais ng kustomer o parokyano.
3. Alamin kung may ibang habilin o espesyal na pangangailangan ang kostomer o parokyano

<u>PAANO ITO GAGAWIN?</u>

1. Unawain ang tamang pamamaraan para magawa ang produkto o maibigay ang serbisyo.

    a. Ano ang mga hakbang?
    b. Ano ang proseso na gagamitin?

2. Alamin kung ang iyong kasalukuyang pamamaraan o proseso ay angkop sa pangangailangan ng trabahong hinaharap.
3. Ano ang mga dapat ayusin o palitan sa iyong kasalukuyang paraan o proseso?
4. Maaabot o makukuha mo ba ang resulta at epekto ng resulta na hinihiling sa produkto o serbisyo ng kostomer o parokyano?

SINO ANG GAGAWA?

1. Unaawain at desisyunan ang hakbang sa paggawa ng trabaho o pagbigay ng serbisyo.
2. Unaawain at desisyunan kung paano isasagawa ang trabaho o ibibigay ang serbisyo.
3. Unawaain at alamin kung mayroong ka bang tao (kasalukuyan o kakilala) na nauunawaan ang mga hakbang sa paggawa ng trabaho o pagbigay ng serbisyo.
4. Ayon sa iyong desisyon at diskarte, sagutin ang mga sumusunod:

   a. Ilan ang kailangang tao?
   b. Ano ano ang gagawin at responsibilidad ng bawat tao?
   c. Anong abilidad, kakayahan, at kaalaman ang kinakailangan ng bawat isa?

---

**PAGHIHIKAYAT NG TAO**
**LIMANG PARAAN SA PAMAMALAKAD NG TAO**

---

Paguunawa at pag intindi kung ano ang pananaw para mahikayat ang tao na kumilos. Posibleng Pagpipilian;

- Hirap o Sarap - Ang kabuuang hangganan ng sakit at saya (o ng hirap at sarap) ay nabibilang na isa sa pangunahing pananaw na pwede nating gamitin para maunawaan ang tao.

- Kinagigiliwan o Inaayawan - Sa pisakal na antas ang saya at sakit ay nagdudulot ng pangkaisipan at emosyonal na kagustuhan at di pagnanais para sa mga tao, bagay, pananaw, at aktibidad.

- Minimithi o Pinagkaitan - Ang mithiin ay patungkol sa mga gusto at mga inaasam ng tao. Ang pagkakait naman ay mahahalintulad sa mga pangangailangan ispiritwal o pisikal na dapat punuan o nais makamtan.

**PAGPAPAYO, PAGSASANAY AT PAGHUHUBOG NG TAO**
**LIMANG PARAAN SA PAMAMALAKAD NG TAO**

---

May tatlong pamamaraan upang mailabas at maipakita ang hangganan ng kakayahan ng isang tao. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapayo, pagsasanay, at ng paghuhubog.

- Paghalintulad sa "guro" - Ang pagpapayo ang unang pamamaraan. Ito ay maihahalintulad sa isang guro na pinalalawak ang karunungan, at pinagyayaman ang kaalaman at kakayahan.

- Paghalintulad sa "lider" - Ang pagsasanay ang susunod na pamamaraan. Ito ay paraan ng isang lider na kayang hikayatin ang mga tao at bigyan ng inspirasyon upang magpunyagi.

- Paghalintulad sa "tagapayong espiritwal" - Ang paghuhubog ang pangatlong paraan. Ito ay pamamaraang ispiritwal. Pinagyayaman ng tagapayo ang mahirap na daan patungo sa pag unawa sa sarili. Ang destinasyon ay hahantong sa kabuuang pagkilala sa sarili ng pinapayuhan.

---

**PAGSUKAT NG TAO**
**LIMANG PARAAN SA PAMAMALAKAD NG TAO**

---

Ang karaniwang salita sa pagsukat ng tao ay "pagtantya". Ang unang antas ng pagsukat ay sa potensyal o hangganan sa kakayahan ng tao. Ito ay ginagawa bago ito sumanib sa organisasyon, at kalaunan sa kanyang pag angat sa posisyon.

Ang paguunawa at pag intindi sa pagsukat ng tao at ng kani kanyang naitulong sa resulta, hirap ng trabaho, at epekto ng resulta.

Pagsusukat ng Tao:

- Potensyal -Pagsukat naayon sa kasalukuyang pangangailangan ng trabaho o ayon sa posibilidad na umangat ng posisyon;
    - Pagsukat sa kaalaman, kakayahan, abilidad sa trabahong ginagawa,
    - Pagsusulit (berbal o pag uusap) ukol sa kaugalian, pagpapahalaga, personal na kagustuhan

- Partisipasyon - Pagsukat sa laki o tindi ng pagtratrabaho, pakikipagtulungan, at pakikisama na ipinakikita sa lugar ng trabaho.
    - Sa mababang antas – sukatin ang oras at pagtupad sa trabaho
    - Sa mataas na antas ang pagtulong sa kasamahan o grupo
    - Inisyativo, pagiging lider o magandang impluwensya sa trabaho

- Paggawa - Ang pangatlo ay pagsukat sa pagsasagawa ng tao ayon sa resulta at epekto ng resulta sa kostomer at organisasyon.
    - Pagsukat sa natapos na trabaho, resulta, at epekto ng resulta.
    - Natuwa ba o napasaya ba ang kostomer or parokyano.

- Ang mahusay na pagsasamahan ay nakikita kapag ang ibat ibang bahagi ng organisasyon ay iisa ang inaasam, pare parehong pananaw at pagpapahalaga.
- Ang pagkakaisa ay nakikita kapag nalalaman ng lahat ang kaniya kanyang tungkulin sa tamang paggawa ng trabaho at inaasahang resulta.
- Ang pagtutulungan ay nakikita kapag tama ang pag-uugnay ng karunungan, kakayahan, at kaalaman upang magkaroon ng mas malaking pinagsamang epekto sa trabaho.

Ang paguunawa at pag intindi sa pamamaraan upang magkaisa, magkasundo, at magkatulungan. Apat na pamantayan sa pagsasama sama at Pag uugnay;

1. Kapasidad na gawin ang kinakailangang trabaho at resulta;
2. Magkakatugmang kaugalian;
3. karisma para impluwensyahan ang iba (sa loob o labas ng grupo); at,
4. Pare parehong pananaw sa ninanais.

**The power point presentation in pdf file contains teaching notes that serve as a guide for the trainor to explain the content of each slide and how it should be delivered.**